

Mga Halalan sa California

Ang batas ng California ay nag-aatas na ang lahat ng kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay ilista sa iisang balota. Ang mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay mga pambatasang katungkulan ng estado, mga katungkulang pangkongreso ng U.S., at mga katungkulan ayon sa saligang-batas ng estado.

Sa pareho ng bukas na primarya at pangkalahatang halalan, makakaboto kayo para sa sinumang kandidato anuman ang kinakatigang partido na ipinabatid ninyo sa inyong porma ng pagpaparehistro ng botante. Sa primaryang halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—anuman ang kinakatigang partido—ay susulong sa pangkalahatang halalan anuman ang mga kabuuan ng boto. Kung ang kandidato ay nakatanggap ng mayoriya ng boto (50 porsiyento + 1), ang isang pangkalahatang halalan ay dapat pa ring ganapin. Kahit na may dalawa lamang kandidato para sa isang katungkulan sa bukas na primarya, ang isang pangkalahatang halalan ay iniaatas pa rin.

Ang bukas na sistema ng primarya ng California ay hindi umaaplay sa mga kandidatong kumakandidato para Presidente ng U.S., sa komite sentral ng county, o mga lokal na opisina.

Ang batas ng California ay nag-aatas na ang mga sumusunod na impormasyon ay ilimbag sa patnubay na ito.

Mga Iminumungkahi-ng-Botante na Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang kandidatong iminungkahi para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan ay ang iminungkahi ng mga tao at hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay dapat maghayag ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota, pero ang pagtatalaga ng kinakatigang partido ay pinipili ng kandidato lamang at ipinakikita para sa impormasyon ng mga botante lamang. Ito ay hindi nangangahulugan na ang kandidato ay iminungkahi o inendorso ng itinalagang partido, o may pagkakaugnay sa pagitan ng partido at kandidato, at walang kandidatong iminungkahi ng mga botante na dapat ituring na opisyal na iminungkahing kandidato ng alinmang partidong pampulitika. Sa librito ng halimbawang balota ng county, ang mga partido ay maaaring maglista ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan na tumanggap ng opisyal na pagrekomenda ng partido.

Sinumang botante ay maaaring bumoto para sa sinumang kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan, kung sila ay nakakatugon sa ibang mga kuwalipikasyon na iniaatas upang makaboto para sa katungkulang iyon. Ang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi-ng-botante na katungkulan kahit na ang parehong kandidato ay tumukoy ng pagtatalaga sa iisang kinakatigang partido. Walang partido na karapat-dapat magsulong ng isang kandidato na may itinalagang kinakatigang partido sa pangkalahatang halalan, maliban kung ang kandidato ay isa sa dalawang pinakamarami ang mga nakuhang boto sa primaryang halalan.

Mga Di-partidistang Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang di-partidistang katungkulan ay hindi maaaring magtatalaga ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota. Ang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.